Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MAPEH - ARTS

| | |
|---|---|
| **Development & Editorial Team** | |
| **Writers:** | Annieflor R. Fajilagmago |
| **Illustrators:** | Annieflor R. Fajilagmago |
| **Layout Design Editor:** | Dr. Normina B. Hadji Yunnos |
| **Content Editors:** | Pedro D. Gloriani |
| **Management Team:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS - SDO Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Marita D. Aquino, Regional EPS - MAPEH<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Mr. Pedro D. Gloriani , EPS-MAPEH – SDO Pasay City<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, EPS-LRMS - SDO Pasay City |

(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

## Inasaahan:

Discusses new printmaking technique using a sheet of thin rubber (used for soles of shoes), linoleum, or any soft wood that can be curved or gouged to create different lines and textures.

## Unang Pagsubok

**PANUTO :** Isulat kung Tama o Mali ang mga sumusunod na pangungusap

____________ 1. Ang paglilimbag ay uri ng sining kung saan ang larawan o inukit ay inililipat sa ibabaw ng papel, tela, kahoy at iba pang bagay.

____________ 2. Ang monoprint ay tinatawag na one of a kind o natatangi ang bawat larawang nalilikha.

## Balik-tanaw

**PANUTO :** Magbigay ng dalawang (2) makasaysayang lugar na makikita sa Pilipinas na ating napag-aralan.

1. ________________________
2. ________________________

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

**Paglilimbag-** ito ay pamamaraan ng paglilipat ng larawang iginuhit at iniukit na maaaring ginawa mula sa kahoy, goma, at metal. Maaari rin maglimbag gamit ang dahon at iba pang mga bagay.

Ang sining ng paglilimbag ay nagsimula sa bansang Tsina dantaon na ang nakalipas. Ginagamit ito bilang isang paraan sa pagkukwento gamit ang mga larawan. Sa bansang Hapon, ang paglilimbag ay pinalawak bilang isang sining.

Ang iba't-ibang uri ng paglilimbag ay ang mga sumusunod. Ito ay ang **monoprint, intaglio, aquatint, engraving, etching, mezzotent, linocut, block print, lithography, silk screen, serigraph, wood print at dry point.**

**Monoprint**- ito ay isang uri ng paglilimbag kong saan one of a kind o natatangi ang bawat malilikhang larawan. Ito ay isang uri ng paglilimbag kong saan inililipat ang larawan sa papel o tela na iginuhit sa ibabaw ng isang bagay tulad ng salamin.

## Gawain

Gumawa ng isang larawan gamit ang monoprint.

**Mga kagamitan:**

1. Lumang dyaryo o pahayagan pantakip sa mesa
2. Basahan para sa paglilinis
3. Paint brush
4. Pintura
5. 2 oslo paper
6. Dahon o iba pang bagay.

Maaring gumamit ng salamin kung lalagyan ng background ang monoprint.

**Hakbang sa paggawa:**

1. Ihanda ang mga kagamitan sa paglilimbag.
2. Iguhit ang larawan o disenyong iyong ililimbag sa isang hiwalay na papel. Kung dahon ang ginamit, ihiwalay ito.


3. Pahiran ng 2 kutsarang pintura ang unang oslo paper, pantayin ang pagkakapahid ng pintura gamit ang brush. Ginagamit ito kung lalagyan ng background ang iyong iginuhit

4. Lagyan ng pintura ang likod ng dahon na gagamitin bago idikit sa oslo paper. Kung may iba pang bagay na gagamitin idikit ito isunod itong ilagay sa oslo paper.





5. Ipatong nang dahan-dahan ang papel sa ibabaw ng dahon at ng iba pang bagay. Iwasang gumalaw ang mga ito.
6. Gamit ang iyong paalad haplusin nang dahan-dahan ngunit madiin at paikot ng likuran ng papel. Gawin ito ng tatlong beses.
7. Iangat ang papel ng dahan dahan para makita ang ginawang nilimbag na dahon sa monoprint.



8. Patuyuin ang monoprint sa papel.

## Tandaan:

Ang **paglilimbag** ay isang pamamaraang pansining na ang larawan na iginuhit o inukit ay nililipat sa ibabaw ng papel, kahoy, tela at iba pang bagay.
Ang **monoprint** ay isang uri ng paglilimbag na one of a kind o natatangi ang bawat malilikhang larawan.  isang pagkakataon lamang at hindi inuulit.

## Pag-alam sa Natutuhan

**PANUTO :** Lagyan ng bilang 1, 2, at 3  ayon sa antas ng iyong naisagawa sa buong aralin.
______ 1.Isinagawa ang paglilimbag gamit ang wastong teknik o pamamaraan.
______ 2. Malinaw ang pagkakalimbag at kitang kita ang paksa nito.
______ 3.Maganda, angkop at nababagay sa paksa ang mga ginamit na kulay.
______ 4.Malinis ang pagtatrabaho at niligpit ang mga gamit at kalat pagkatapos.
______ 5.Nagtulungan ang magkapareha at ginawa ng maayos ang kani-kaniyang gawain para sa proyekto.

### Pangwakas na Pagsusulit

**PANUTO:** Isulat ang tamang sagot sa pangungusap. Piliin ang sagot sa kahon

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Tsina** | **Monoprint** | **Paglilimbag** | **Pagkukuwento** |

___________________ 1. Ito ay isang paraan ng paglilipat ng larawang iginuhit at iniukit na maaaring ginawa mula sa kahoy, goma, metal at iba pang bagay.
___________________ 2. Saang lugar nagmula ang paglilimbag?
___________________ 3. Ito ay isang uri ng paglilimbag kong saan one of a kind o natatangi ang bawat malilikhang larawan.

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**
1. Tama
2. Tama

**Balik-tanaw**
1. Banaue Rice Terraces
2. Paoay Church

**Pag-alam sa Natutuhan**

Panuto: Lagyan ng bilang 1, 2, at 3 batay sa antas ng iyong naisagawa sa buong aralin.
1. 3
2. 3
3. 3
4. 3
5. 3

Puntos: **15**

**Pangwakas na Pagsusulit**
1. Paglilimbag
2. Tsina
3. Monoprint

## Sanggunian:

Halinang Umawit at Gumuhit, Hazel P. Copiaco, Emilio S. Jacinto Jr., Guide to the Philippines